

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Oktubre bilang Buwan ng Maliit na Negosyo

BRAMPTON, ON (Oktubre 1, 2021) – Ang Oktubre ay Buwan ng Maliit na Negosyo, at kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang mga local na negosyante kanino ang mga ideya, passion at determinasyon ay nakakatulong na gawing kompetitibo at masagana ang komunidad.

Sa buong Oktubre, ang Brampton Entrepreneur Centre (BEC), bilang bahagi ng Economic Development Office, ay nagho-host ng kumpletong iskedyul ng birtwal na programa at mga event ng networking para sa mga local na komunidad ng negosyo na sumasaklaw sa mga paksang tulad ng marketing, design tools, bookkeeping, incorporating at marami pa. Makikita ang mas maraming detalye at rehistrasyon sa event sa www.brampton.ca/BEC.

At sa Oktubre rin at bilang paggalang sa Buwan ng Maliit na Negosyo, inilulunsad ng BEC ang Programa sa Milestone ng Negosyo. Ang mga maliit na negosyo na may sampu o mas kaunting mga empleyado na umangkop at nagpakita ng pagka-madaling nakakabangon sa panahon ng pandemyang COVID-19, na nagdiriwang ng anibersaryo o milestone o gumagawa ng isang bagay na espesyal o unique ay iniimbitahang ibahagi ang kanilang kuwento sa BEC sa bec@brampton.ca.

Ang matagumpay na mga maliliit na negosyo ay napakahalaga sa isang umuunlad na lungsod, nakakatulong sa paglikha ng mga trabaho, nagpapaunlad sa ekonomiya at nagpapaganda sa mga local na kapitbahayan. Nakaapekto nang malaki ang COVID-19 sa komunidad ng greater Brampton, at ang mga maliliit na negosyo – ang gulugod ng mga lungsod – ay natamaan nang matindi ng pandemya.

Hinihikayat ang mga residente na salksikin, piliin at bilhin ang local, at isaisip ang sumusunod na mga tip:

- Isaalang-alang ang pagsuporta sa mga local na negosyo at pag-promote ng inyong mga paboritong lugar sa social media! Para sa kumpletong talaan ng mga maliliit na negosyo sa Brampton, bisitahin ang [website ng Suportahan ang Local Brampton](#). Mag-iwan ng mga online review sa mga ito para irekumenda sa iba. Makilahok sa mga local na negosyo sa pamamagitan ng mga account sa social media at ipakita ang suporta para sa mga negosyo sa Brampton gamit ang graphic ng Support Local at ang hashtag na #SupportLocalBrampton. Ang isang media pack na Support Local ay maaaring i-download [dito](#).

- Saliksikin ang lahat ng mga lugar na kailangang pagkainan sa Brampton gamit ang Gabay sa Pagkain sa Brampton, i-download ang inyong kopya [dito](#).
- Bukas ang inyong paboritong mga local na negosyo, ipakita ang inyong patunay ng pagpapabakuna at mag-mask para madali at ligtas na makapag-access sa mga gym, hair salon, restawran para sa indoor na pagkain at marami pa!
- Magrekumenda sa mga kaibigan at pamilya sa pamamagitan ng salita.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsuporta sa local, bisitahin ang [website na Suportahan ang Local Brampton](#).

Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya at Suportahan ang Local

Mula sa pagsisimula ng pandemya, nanatili ang Lungsod na committed sa pagsuporta sa pagbangon at pagka-madaling nakakabangon ng komunidad ng maliit na negosyo nito. Noong Mayo 2020, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [Estratehiya sa Pagbangon sa Ekonomiya](#) ng Brampton para umabante sa muling pagsisimula ng local na ekonomiya. Nilalayon ng Estratehiya na ihatid ang bentahe ng pagka-madaling nakakabangon at pagiging kompetitibo sa ekonomiya ng Brampton sa pamamagitan ng pagpapasulong sa agaran at pangmahabang panahon na aksyon na kaayon sa apat na pundasyon nito: Inobasyon, Teknolohiya at Entrepreneurship, Pamumuhunan, Imprastruktura, at Sining, Kultura at Turismo.

Mga Quote

“Nitong Buwan ng Maliit na Negosyo, ipinagmamalaki natin na kilalanin ang ating mga local na negosyante na nagbibigay nang malaki sa ating komunidad, kabilang ang character, mga trabaho, pagiging kompetitibo at kasagaan. Nananawagan ako sa lahat ng mga residente ng Brampton na sumali sa amin sa pagdiriwang at pagsuporta sa ating local na maliliit na negosyo, hindi lamang sa Oktubre, ngunit palagi, lalo na kasunod ng nagpapatuloy na mga pagsasara sa panahon ng pandemyang COVID-19. Magkasama tayong lahat dito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Partikular na natamaan nang matindi ang mga maliliit na negosyo ng pandemyang COVID-19, at ang Buwan ng Maliit na Negosyo ay nagbibigay ng malaking oportunidad para makilala natin ang mga local sa Brampton na nagpakita ng katangi-tanging pagkamadaling nakakabangon at pagka-malikhain sa loob ng nakalipas na mga buwan. Hinihikayat ko ang ating maliit na negosyo na samantalain ang programang ibinigay ng BEC sa buong Oktubre, at inaasam na marinig ang kanilang mga kuwento sa pamamagitan ng Programa sa Milestone sa Negosyo.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga maliit na negosyo ay ang gulugod ng ating komunidad. At napakahalaga nila sa tagumpay ng local na ekonomiya. Nitong Buwan ng Maliit na Negosyo, sumali sa amin sa

pagkilala sa kanilang napakahalagang mga kontribusyon sa Brampton, at tiyakin na suportahan ang local.”

- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton

“Sa Lungsod ng Brampton, ang staff ay dedicated sa pagsuporta sa mas malaking komunidad at mga local na negosyo habang tayo ay bumabangon, magkasama, mula sa pandemyang COVID-19. Ang ating team sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ay nananabik na magbigay ng programa para sa ating mga local na maliit na negosyo sa buong Oktubre, at para ilunsad ang Programa sa Milestone ng Maliit na Negosyo bilang pagkilala sa Buwan ng Maliit na Negosyo.”

- David Barrick, Pinunong |Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca